



ILUVLIYA

A/N: PLAGIARIAM is a CRIME

This is made by me and bawal mag feeling na gawa niyo!

Pinaghirapan po 'to ni Athor

P.S: this story po is unfinished...hehhheh..di ko kasi alam kung paano ko isusunod ^^

01

Ako si Allie L. Alcantara. 20 yrs. Old at 4th yr. college taking up fine arts. Meron akong bestfriend na bading, si Eric C. Luvena. Sobrang kulit nga ng bading na yun ehh! Para siyang si vice ganda. Mahilig mag-okray at mahilig rin sa lalake. Sa totoo lang eto lang ata ang kaisang-isang nilalang na masasabi kung super close at love na love ko at alam kong ganun din siya sa kin.

Ako lang naman kasi ang nakaka-alam ng malupit niyang sekreto at iyun ay ang tungkol sa pagkatao niya. oo ako lang ang nakakaalam na siya ay bading. Kadalasan nga inaakala ng mga tao sa paligid namin na magjowa kami ehh. Yuck! Kung alam lang nila....

“Uyy, bruha ano na namang isinusulat mo dyan sa journal mo hah?”

“tungkol sa ibinigay kanina ni Julian sa akin..”

Tumawa naman ng malakas ang baklita at inagaw ba naman ang journal ko! Ang journal ko na pinaghirapan kung buo-in ng isang taon! Hindi naman sa nagmamayabang pero masasabi kung pinakamasterpiece ko ang journal ko. Ito rin ang pinakamahalangang gamit sa kin.

Kung ang iba ay hindi nakakaalis ng bahay kung di dala ang cell phone nila, ang akin naman ay ang journal ko. Makakalimutin kasi akong tao kaya gusto ko pagmeron nangyayaring dapat isulat ay isinusulat ko agad sa journal. Take note! In full details talaga, kasama pa ang oras at ang petsa.

Gusto ko kasing maging souvenir ang journal ko pagtumanda na ako. Katulad nung elementary at highschool ako, nakarecord lahat dun ang mga cute napangyayari sa journal na ginawa ko.

Tinakpan ko ang tenga ko ng biglang tumili si Eric. Buti na nga lang at kami na lang ang tao sa hallway ng classroom namin, kung hindi lagot na ang malupit na sekreto niya.

“ang swerte mo namang babae ka! Binagyan ka talaga ni Julian ng spare ballpen?”

Excited ko namang inalis ang mga kamay ko sa tenga ko at ngumite ng todo. Excited na sabihin ang nangyari kanina sa klase.

“ehm! Hindi ko kasi makita ang ballpen ko sa bag ko! Tapos laking gulat ko na lang ng bigla niyang abutan ako ng pilot ballpen!!!! Ayy! Eric kulang na lang ay amoy amoyin ko ang ballpen niya!!!”

Pareho kaming naghawakan ng kamay na masayang masaya ang mukha at binitawan din agad ng may dumating na estudyante. Nakangisi pa ng nakakaloko ang mga dumaan....

Kung alam lang nila!!!

“ang swerte mo talaga gurl!”

“talaga lang!”

At lumakad na kami papuntang canteen. Pinag-uusapan pa rin si Julian. Si Julian ay kaklase ko sa Math class. Gwapo siya at matangkad. Varsity player nga siya ng basketball team namin ehh. Hindi lang yun, napaka-aproachable pang tao kaya crush na crush ko at ni Eric.

Hindi lang si Julian ang crush ko. Marami pa sa University namin. Pano ba naman, kaliwa't kanan ang dami mong makikitang gwapo, malakas ang sex appeal at ma-appeal! May mga ka-schoolmate din akong mga artista at modelo.

Grabe talaga!!

Feeling ko nga masa-sad ako pag-grumaduate na ako eh.

Sa Canteen ay si Eric lang ang nag-order ng Lunch niya. nagbabaon kasi ako ng lunch para tipid sa budget ni mama. May kaya lang naman kasi ang status namin sa buhay pero hindi naman ako nagrereklamo kasi Masaya naman ako at nabibili ko pa naman ang mga bagay na gusto kong bilhin, kung minsan nakakapag-outing pa kami.

Bigla may nagtext sa 3315 cellphone ko. Galing kay bunso ang text, nagpapasundo sa kin mamayang uwian nila. Nagreply ako ng ok at ibinalik sa bag ang cellphone ko.

Napansin ko naman ang pag-iling iling ni Eric na hindi mapigilan ang pagtawa. Napasigh naman ako parang alam ko na kung bakit siya tumatawa...

"oo na...laos na ang cellphone ko kumpara sa uso mong cellphone na Motorola"

Lalong lumakas ang tawa ni Eric at kumain na. inarapan ko na lang siya at kumain na rin ako... nangangalahati pa lang ako sa pagkain ng narinig namin ang malakas na announcement through the canteen speakers.

To all students, the school administration announces the upcoming concert of Mr. Pure Energy on our university...for more details just visits us here and we are more than welcome to tell you the details...

"wow! Narinig mo yun, Allie? Kakaexcite naman nun...nood tayo?"

"hmp! Kung libre why not..."

Natawa naman ang baklita

"kuripot ka talaga,sister!"

Tumawa na lang ako sa sinabi ni Eric at bumalik ulit kami sa pagkain namin. Nang araw na yun ay puno ang class ko...kaya wala akong pagkakataon na makausap ng husto ang bestfriend ko kasi magkaiba kami ng course ni Eric at schedule din nung araw na yun kaya pagkatapos ng huling klase ko ay dumeritso na ako sa campus ng kapatid kung lalake.

Sakto naman na kakapasok ko lang sa main grounds nila ay nakita ko na ang kapatid ko. 15 yrs. old na si Aldrin pero ang tangkad na at ang mukha ay pang TV na kaya nga part time commercial model siya eh.

Sa ngayon dalawang commercials na nito ang napapakita sa tv. Kaya lang ang pinagtataka ko lang kay Aldrin ay kung bakit loner type of guy siya.minsan nga may pagkaweird din ito, siguro dahil premature baby kaya ganun ang personality...

"kanina ka pa ba, Aldrin?"

Umiling naman siya sa kin. Bigla pa nga siyang yumakap sa akin eh, feeling ko tuloy hindi maganda ang araw niya...

"ayos ka lang ba?"

"ate...ano, kasi kanina ng makaharap ko si ma'am Tessa parang bumilis ang tibok ng puso ko eh"

Oh-uh!! Wag mong sabihing may crush si Aldrin sa English teacher niya?

02

Biniro ko na lang ang kapatid ko. Ako rin naman kasi may mga professors at teachers na nacrush-an din eh...

"pano na ngayon si Debbie? Di ba nga crush ka nun?"

Sabay tawa ko pa. Naku sa twing naalala ko ang ginawa ni Debbie ng birthday ni Aldrin hindi ko talaga mapigilan ang sariling tumawa. Inanounce ba naman na si Aldrin lang daw ang lalaking pakakasalan niya!!!???!?

Ha..ha..ha..

Napasimangot naman si Aldrin at bigla ba naman akong talikuran?!

"Ate Allie! Hindi ko gusto ang babaeng yun noh! Isa pa ang bata bata pa namin ehh pagpapakasal na ang iniisip ng babaeng yun?"

Natawa naman ako sa sinabi ng kapatid ko...

Buti na lang matino ang kapatid ko at hindi pagsyosyota ang iniisip!

Sa bahay ay Masaya kaming naghapunan at nagkwento. Pagsapit ng alas-otso ay pumasok na ako sa kwarto at nag-isip kung saan ako mag-o OJT...magsesecond sem na kasi at alam kung kelangan na namin ilagay sa trabaho ang mga natutuhan namin...

sigh

Ehh kung sa kompanya na lang kaya ng magulang ni Eric? oo nga dun na lang ako mag-oOJT... maganda naman ang grades ko kaya for sure tatanggapin nila ako....

Kinabukasan ay sabay kaming pumunta ni Eric sa University. Sakay kami ng Toyota CRV niya at napag-usapan namin ang nalalapit na sem break...

"sure kang hindi ka jojoin sa kin sa Bora? Sayang naman...libre ko pa naman lahat"

Mayaman kasi si Eric kaya yakang-yakang niya akong ilibre sa mga out of town trips o out of the country kung gugustuhin niya...

Umiling na lang ako sa kanya...

"sensya na Eric, hah? Mas gusto ko kasing kasama na lang muna sina mama,papa at Aldrin sa sem break ehh"

"nge!! Sige na naman oh, alam mo naman na hindi ako masyadong mag-eeenjoy pagwala ka Allie.."

"Eric...wala talaga ako sa mood na magbora ngayon o kahit saang lugar pa"

"hindi na ba kita mapipilit?"

"Hin....hah!!!"

Bigla kasing may nagcross over na motor sa min...buti na nga lang at walang bangaan na naganap sa min ehh...buti na nga lang rin at nasa university parking lot na kami...

Pagbaba ko ng sasakyan ay nagulat na lang ako ng galit na pinuntahan ni Eric ang may-ari ng motor na yun.

"hoy,pre! Hindi ka ba nag-iingat hah? Balak mo atang may maganap na bangaan dito ehh"

Shocks!! Anong gagawin ko?! Hindi pa naman ako magaling sa pagtitigil ng away...at mukhang away pa ang gusto na mangyari ni Eric...!

Ehh ni wala nga 'tong alam na defense at offense skills ehh...

Mahinahon naman at dahan dahan na tinanggal ng lalake ang sout niyang helmet,

ganun na lang ang paglaki ng mga mata ko nang makita ko ang mukha ng lalake...

It's no other than Luie F. Yerby...ang half-brit na may dugong Portuguese na member ng sikat na Praternity sa university namin...

Gulp!

Katacute!!!!

"Why? Wala namang naganap na banggaan di ba?"

Para namang nawalan ng boses si Eric at tumango na lang.

hinawakan ko na siya sa braso at hinila na siya paalis doon...

"hey, saan kayo pupunta? Hindi pa tayo tapos mag-usap di ba?"

"ahh..ehh may klase pa kasi kami ehh! Sige bye!"

At tumakbo na kami ni Eric paalis dun...

"ikaw kasi ehh!!! Buang ka masyado, gusto mo pang masira ang mga beauty natin,alam mo ba yun?"

Nasa gitna kami ng daanan sa pagitan ng building ng courses namin...pareho nga kaming hingal na hingal ehh

"ehh,malay ko ba naman na si Luie pala yun?!"

Napabuntong hininga na lang ako at iniwanan ko na siya...

may dalawang klase lang ako ngayon at mamaya ay magli-library aide pa ako sa Mini-library ng Labhigh...

03

Lunchbreak time ay ako lang mag-isa ang nagbreak...hindi kasi kami pareho ng sched ni Eric ngayon...pagthursday kasi ehh 11:30 ang lunch time nun...

Pagdating ng 12:30 ay may klase naman siya habang ako naman ay kakain pa lang...

Kaya heto ako ngayon mag-isang kumakain ng lunch ko...

Buti na lang at favorite ko ang putahe na ibinaon sa kin ni mama kaya sarap sarap ako sa pagkain. Nagulat na nga lang ako ng biglang umupo sa harapan ko si Luie...

Grabe! Gulat na gulat talaga ako. Sa dinami dami kasi ng bakanteng lamesa ay dito niya pa talaga napagtripang umupo...kaya lang bakit parang lungkot na lungkot siya?

At bakit parang gusto niyang magwala?

Whatttttt!!!!!!!!!!!!!!!!!!!!!!!!!!!!!!

Magwawala ba siya?????????????

Naku, Bro! please wag naman dito sa pwesto ko!!!!!!

Hindi ko naman alam ang gagawin ko ng humarap siya sa kin na may galit sa mga mata habang gigil na gigil na nakahawak sa buhok niya...na para bang gusto niyang sabunutan ang sarili

“ikaw! Naniniwala ka rin ba na masamang tao ako? Na addict ako? Dahil kabilang ako sa praternity?”

OMG!!!

“A-ano...”

“hindi ako makapaniwala sa rason niya ehh...ang sakit sakit alam mo ba yun?!”

“A-ano...”

“bakit ba siya ganun? hindi niya ba alam na hindi ko siya maaring saktan kelanman kasi mahal ko siya!!! hindi niya ba alam yun?”

Sabay mura niya pa...

Napatingin pa nga sa amin ang mga tao sa loob ng canteen at yung iba umalis na kaagad at yung iba naman ay mukhang gusto lang maki-usyoso...

sigh

Kung may power lang ako para magdisapear ginawa ko na kanina pa...

Inubos ko na lang ang pagkain ko at hinayaan na lang siya sa kung ano man ang problema...ni hindi ko nga napansin na hindi na pala siya nagsasalita at pinagmamasdan na pala ako sa pagkain...

“Hey, dahan dahan lang baka mabilaukan ka...”

Muntik na nga ehh! Buti na lang ubos na ang baon ko kaya nagsimula na akong magligpit. Sa sobrang pagkataranta ko nga ehh nalaglag pa ang bag ko sa sahi...

Naman oh!!!!!!

Dinampot ko isa isa ang mga gamit ko ng mabilis at ibinalik rin iyon sa bag ko habang nagmamadaling lumabas sa Canteen....

Sa pagmamadali ko ngang makaalis ay narealize ko na lang na nasa na Lab high na pala ako... grabe hingal na hingal ako...

Parang ang daming beses ko atang humingal ng araw na ‘toh ahh...

“Hi Ate Allie!”

“hah...ahh, ikaw pala Debbie”

“anong nangyari sa’yo?”

“hah...ahh wala naman,he he he...”

“wala? Ehh hinihingal ka na nga dyan tapos wala ka dyan? Tama ba yun?”

Nag-roll eyes naman ako. Imbes na patulan ko pa ang bata....

Ganyan talaga si Debbie. Sa mala-anghel na mukha at magandang katawan ay hindi mo akalain na isang makulit na bata...hindi pa yun may pagka-prima donna din ito....wise din at

mabait naman na kaibigan...yun nga lang dahil nga sa dami ng taong naiinis sa kanya ay konti lang ang kaibigan niya...

"Debbie,wag mo na lang alamin..ok? oo nga pala bukas ang Mini library mamaya ha..."

Natuwa naman siya sa sinabi ko...dahil kasi sa kawalan ng library aide kaya kadalasan ay sirado ang library nila...kadalasan hindi naman nagrereklamo ang mga estudyante dahil konti lang naman ang palabasa at palareseach....

Basta sa kin ayos lang kasi kumikita pa ako...kahit 7 pesos lang per hours ok lang...(kasi ngayon naman ay 5 hours ako) at makakapagbasa pa ako.....

Matagal tagal na rin ako hindi nakakapagbasa ng fiction ehh...

"Yes...buti naman kung ganun! sasabihan ko rin si aldrin, Ate hah?"

"oo ba..."

Parehong matalino sila ni Aldrin at pareho rin bookworms... di nagtagal ay nagpaalam na siya sa kin at dumeritso na ako sa library...

04

Shut up and put your money where your mouth is
That's what you get for waking up in Vegas
Get up and shake the glitter off your clothes now
That's what you get for waking up in Vegas

You got me into this
Information overload, situation lost control
Send out an S.O.S.

Ha, and get some cash out
We're gonna tear up the town
No, don't be a baby
Remember what you told me

Remember what you told me
Remember what you told me
Told me, told me, oh yeah

"Debbie, pwede ba tumigil ka na sa kakanta? Library 'toh at hindi concert hall"

Bigla namang tumigil si Debbie sa pagstrum ng gitara at tinaasan si Aldrin ng kilay.

"Aldrin! Wag ka namang magsalita ng ganyan oh!!! Isa pa hindi naman naiistorbo si ate Allie ehh,nag-eeenjoy pa nga siya"

Tumango naman ako kay Debbie, maganda kasi ang boses niya...ala Nina yun nga lang ang hilig sa pop rock ng babaeng 'toh. Isa pa kaming tatlo lang naman ang tao sa library kaya OK lang...

"ate!! Wag mo nang konsintihin ang babaeng yan!!"

"ehh bakit ba?"

"eh kasi....."

"hep hep! Stop! No quarelling allowed here hah"

Napasimangot naman silang dalawa sa sinabi ko...tumawa na lang ako at binuksan ang zipper ng bag ko upang kunin ang journal ko. Ngunit laking gulat ko ng hindi ko makita ang journal sa bag ko. Tinanggal ko na nga ang lahat ng mga nakasuksok sa bag ko.

No way!!!!

Not my Journal!!!!!!

Mawala na ang lahat, wag lang ang journal ko!!!!

"Ohmigosh! Ohmigosh! Ohmigosh!"

"bakit ate Allie?"

"bakit ate Allie?"

"ang journal ko!!!! Missing!!!!"

"journal?"

"ano?!!"

"oo, Aldrin!!! Nawawala ang journal ko!!! I need to find it!!!!"

"hah...kailangan mo ba ng tulong, 'te?"

"oo sana, kaya lang kasi...may klase kayo"

"sus...it's ok, ate Allie...busy ang lahat ng tao sa campus para sa magaganap na speechfest...kaya yakang yakang na namin yan"

"talaga,Debs?"

"ehm...wag kang mag-alala, ate...sige na, i-close mo na ang library at hanapin mo na ang journal mo"

"sige...thanks hah"

"thank us later pagnakita na namin ang journal mo"

Pagtapos nun ay umalis na sila para hanapin ang journal ko. Ganun din ako, ini-close ko na ang library at nagsimula ng hanapin ang journal ko....

Grabe...inikot ko na ang bounng university pero hindi ko pa rin nakita ang journal ko....tinext ko pa nga si Eric na game din naman sa pagtulong sa kin...halos gabihin na kami sa kakahanap pero hindi ko pa rin makita ang journal ko!!!!!!

Hu..hu..hu..hu!!!!

“uyy Allie! Tumahan ka na nga,dyan? Makikita din natin yan...but for now I need to get you home because it's getting late na ehh”

“No!!!!!!Eric, hindi ako uuwi hangga't di ko nakikita ang journal ko...ok?”

“Allie, alam ko importante ang journal mo...ako rin naman,ehh gusto ko na mahanap yang journal mo dahil for sure nandun ako at nandun din ang secret ko di ba?!!!! kaya pls...umuwi ka muna”

Tinitigan ko lang siya, tumingin lang din sa kin na bakas ang concern sa mukha.

“osige na nga...”

Di nagtagal ay naka-uwi na ako sa bahay. Worry na worry na nga sa kin sina mama at papa ehh, hinug ko na lang sila at kumain ng dinner at pumasok na sa kwarto ko....

Praying that I'll find my Journal bukas....

Kinabukasan ay isa lang ang klase ko...pero two hours naman ang itinagal nun, tapos nagpasurprise quiz pa ang professor namin! Naku buti na lang at naalala ko pa ang nakaraang lesson namin kaya nakapasa pa rin ako sa quiz...

“oh, nakita mo na ba ang journal mo?”

“wala pa ehh”

Nasa student's nook kami at kumakain ng snacks...

“ako rin...sinuyud ko na ang lahat ng lugar meron dito pero hindi ko pa rin makita ehh...kinausap ko na rin ang mga janitor at security guard pero wala talaga”

Napa-sigh naman ako, parehas lang pala kami ni Eric...parang nawawalan na ako ng pag-asa...

“osige...maiwan na muna kita hah...kelangan ko pa kasi kopyahin ang schedule of examination sa bulletin board ehh...babalik ako”

bumuntong hininga na lang ako habang pinagmamasdan siyang papalayo sa nook....

hiling ko lang wala pang nakakakuha nun o di kaya'y pinakealaman.....

“hi!”

napatingin naman ako sa nagsalita pero ang utak ko ay nasa journal ko pa rin

“I said Hi? hindi ka ba maghe-hello?”

teka parang kay Luie yata galing ang boses na yun ah....

gulp

“ah...he-hello!”

nagulat naman ako ng bigla siyang ngumiti sa akin

shocks!

feeling ko tuloy ang ganda ganda ko para ngitian niya...

“balita ko nawawala raw ang journal mo?”

OMG!!!!

at sino naman kaya ang nagbalita nun sa kanya?!!!!!!!!!!!!!!!!!!!!

05

OMG talaga!!!!!!

“hey, hindi ka na nagsasalita?”

sabay upo pa nito sa harapan ko...taking the place of Eric

hmpf!

kainis naman ohhh...

“uyy...”

shocks!

wag ka ngang tumingin ng ganyan sa kin...hindi ako sanay!!!

“o-oo eh, teka pano mo nga pala nalaman yun? kasi ako lang at ang bestfriend kong si Eric.....”

“I got it”

natigilan naman ako sa sinabi niya...

did he just say I got it?

“yep! nasa akin yun...gusto mo pakita ko pa sa'yo ehh”

“pa-papano mo....”

hindi niya pinansin ang sinabi ko at kinuha lang bigla ang journal ko sa bag niya

ganun na lang ang tuwa ko ng makita ko ang journal ko. kulang na lang ay magtatalon ako sa saya...

“salamat!!!”

kukunin ko na sana sa kanya ang journal ko ng bigla niya itong ibalik sa bag niya

“oopsss...sa pagkakaalam ko ay wala akong sinabi na ibalik ko 'to sa'yo,right?”

aba!!!!

ginagalit ako ng lalaking 'toh hah!!!!

“teka,teka,teka lang hah! sa akin kasi yang journal na yan ehh...salamat kasi ikaw ang nakakita niyan...kung gusto mo ng reward para dyan...then ok that's fine by me. I know how to bake and I can bet my precious life that I'm good in that field....so ok na ba sa'yo ang cake na ibe-bake ko para sa reward mo?”

ngumite lang siya atsaka umiling...

napanganga naman ako sa ginawa niya...

lalo atang gumwapo ang lalaking toh!

nakasout ito ng pink bench shirt at nakablue denim pants...nakasukbit sa balikat ang shoulder bag nito habang confident na confident na lumalakad sa akin...

sa totoo lang una ko nang kita sa lalaking 'toh ng second year ako ay nagkakacrush na ako dito...oo nga't gwapo ito at maangas't astigin tingnan dahil nga kasapi siya sa praternity ng university namin pero hindi naman ito masyadong vain...

kung baga ba, walang pakialam ang lalaking ito sa hitsura niya...ni hindi nga ito nagpoporma ng mabuti ehh.parang kung anong unang mahawakan niya sa cabinet nito ay iyon na ang sinusuot nito...

ang buhok naman nito ay katulad ng hairstyle ni prince Caspian sa Narnia...sa totoo lang medyo hawig niya nga si prince Caspian ehh...ang kaso lang mas gwapo pa ito sa prince na yun....

but that was before...

nawala rin kasi ang paghanga ko ng malaman kong masyadong madumi ang utak nito...dati kasi habang papalakad ako papuntang buiding nina Eric ay di sinasadyang marinig ko ang pinag-uusapan nila...tungkol sa mga experience nila!!!!!!

yuck!!!!

as in!!!!

buti na nga lang at magkalapit ang building ng I.T at business ehh...kung hindi ehh, magkakacrush pa rin ako sa bastos na lalaking yan!!!!

yuck talaga!!!!

kanong-kano talaga ang lalaking 'toh...

pinilit ko na lang ngumite sa kanya

"bakit?"

"gusto ko sanang yayain kang magdate ehh...ang alam ko ay kakatapos lang ng exam niyo...ako rin ehh. so date tayo? my treat! wag kang mag-alala sa budget marami ako nun..."

sabay kindat pa nito sa akin...

hah!!!!!!

kapal!

bigla tuloy uminit ang ulo ko sa luie na 'toh!!!

"excuse me?! at bakit naman ako sasama sa'yo? crush ba kita? ibabalik mo ba ang journal ko? kung hindi rin lang ang huli ang sagot mo...then wag na uyy!!!!!!"

bigla naman itong nag bad boy grin...

"grabe ka naman! I just want to date you...tingin ko naman, walang masama kung idedate kita, di ba? isa pa I want to get to know you more...parati na lang kasi crushes mo ang sinusulat mo sa journal mo..."

napadrop jaw naman ako sa sinabi niya...

tumawa lang ito at isinara ang bibig ko...

“so I guess...you're reaction is a yes kaya...”

hindi niya na itinuloy dahil hinila niya na ako pasakay sa kotse niya...teka kotse? akala ko ba may motor 'toh?

“ahh, asan ang motor mo?”

“ahh...nasa talyer eh..nasiraan kasi ako kahapon. pasensya na kung hindi mo mae-experience ang sumakay sa motor ko hah...”

sabay ngisi pa nito...

no,no,no!!!!!!!!!!

wag mong sabihin pati ang tungkol sa mga fantasies ko sa kanya ay nabasa niya??!!!!!!!!!!

hahhhhhh.....

feeling ko wala na akong mukhang maihaharap sa kanya....

“uyy...gusto mo ng mangliit noh?”

“heh!!!”

tumawa lang ito....para ngang evil laugh ang naririnig ko eh...

pababa na kami ng sasakayan niya at papunta na sa loob ng Mall ng bigla niyang hawakan ang kamay ko at pisilin iyon

blush

totoo ba 'toh?

07

“Allie,gusto mo ba niyan? kanina pa kitang nakikitang tumitingin dyan eh...”

“hah...ehh...”

nagulat na lang ako ng pumasok siya sa stall kung saan kanina ko pa tinitiningnan...

kanina kasi habang hinihintay ko siya lumabas sa pinasok nitong stall ng mga gamit ng lalake ay nakita ko ang nakadisplay na pink teddy bear. ang cute nito na ang mukha ay parang ginawang nagmamakaawa...

tuloy gusto kong bilhin...

addick pa naman ako sa teddy bears.....

sa sobrang dami na nga ng teddy bear ko ay pwede na akong magbenta...

di nagtagal ay lumabas na siya na may dala-dalang paper bag ng stall na yun

hindi ko tuloy mapigilan ang sarili kong isipin na binili niya ang stuff toy na yun...pero hindi ko naman nakitang kinuha yun ng sales lady?

“oh...for you”

nakataas ang isang kilay ko habang nakatingin sa kanya...

ngunit bigla ring nawala ng makita ko ang laman ng paperbag...yung teddy bear na nakadisplay!!!!!!!!!!

“binili ko yan para sa’yo...mukha ka kasing kawawa kanina eh”

inirapan ko lang siya at nagsimula ng maglakad papalayo sa kanya

“hey! hindi ka na mabiro...siyempre ibinili ko yan dahil gusto kong mapasaya ka...isa pa afford ko naman kaya ok lang. wag mo na rin bayaran...para sa’yo talaga yan”

natouch naman ako sa kanya...

sa totoo lang siya ang unang lalake na hindi ko kaano-ano ang gumawa nun sa akin

grabe...

kilig na kilig ako...

“t-t-thank you...”

blush

“kinilig ka ba?”

“hmpf!”

sabay hampas ng paper bag na hawak ko

ok na sana eh...humirit ka pa!

tumawa lang siya sa ginawa ko sabay akbay sa akin...

aba.. ang Luie na ‘to!!!!!!!!!!!!!!

nagmamadaling lumayo ako sa kanya at umunang hakbang na....

ayaw ko ngang magkasama kaming maglakad...

yung bang nagbrabrushing of sides...

eiiiiii!!!!!!!!!!

kikikiligin kasi ako ng husto at babalik ang paghanga ko sa lalaking toh!!!!!!

at yun ang ayaw na ayaw kung mangyari....

pagkatapos ng mahabang oras ng pag-ikot ikot namin sa mall eh hinila niya na ako palabas ng mall para magmeryenda sa malapit na fastfood chain doon

“grabe ka naman....may fastfood chain din naman sa mall na pinuntahan natin pero dito mo pa talaga ako dinala...”

ngumite lang ito

“Allie...gusto ko kasing e-expose pa ang beauty mo kaya naisip kong lumabas tayo ng mall”

e-expose ang beauty ko?

char!

“oh bakit ganyan ang ekspresyon sa mukha mo?”

sabay tawa pa nito

sheessssshhhhhh

pwede bang e-label ko na lang na evil laugh yun?

sigh

"paki mo?!"

sabay kain sa inorder niyang pagkain...

which is burgers,fries,spaghetti at softdrinks

tumawa na lang ito at ginaya na rin ang ginawa ko

"uyy...magkwento ka naman tungkol sa sarili mo ohh"

tinaasan ko lang siya ng kilay habang busy ang bibig ko sa pagnguya ng kinain kong spaghetti

"what?! I just wanted to get to know you better..."

"at bakit mo naman kailangang magkwento sa'yo? do you think I like to get to know you better?"

nag grin naman ito sa sinabi ko

"oo naman...sa tingin ko kasi...hindi tama ang dahilan mo para tigilan ang sarili mong humanga sa kagwapohan at personality ko"

muntik ko ng mabuga sa kanya ang softdrinks na iniinom ko sa kanya...

sabi ko na nga ba eh...

kaya niya ako dinat ay para bumalik ang paghanga ko sa kanya...at bakit naman kailangan niya pang gawin yun? hmm....

ahh!

baka siguro sa male ego niya

o di kaya ay bawas pogi point iyon para sa kanya...

well kung ano man yun. wala na akong paki dun.....

08

"ok fine...if you don't want to tell me anything about yourself then I'll just be the one who'll do the talking..."

ok...mas maganda nga yun eh. para naman malaman ko kung bakit ka bastos...

"first...gusto kong malaman mo na hindi ako bastos na tao,ok? siguro yung time na dumaan ka ay nagkataon na kausap ko sila Zech na puro green minded ang mga utak...and sorry if nabastusan ka hah..."

"ost?"

"oo nga...kaya nga burahin mo na sa utak mo ang salitang bastos tungkol sa akin"

"at ano namang ipapalit ko dun? na naive ka sa bagay na yun? neknek mo noh!!!!"

hay naku...yan naman ang evil laugh niya

"osige hindi nga ako santo sa bagay na tungkol dun...naexperience ko na nga yun ehh"

pinandilatan ko naman siya at lalo lang siyang tumawa

"oo na,oo na...basta gusto ko ng magsorry, ok? ewan ko ba pero bigla kasi ako nakaramdam ng malakas na urge para ibahin ang opinion mo sa akin na naging dahilan para hindi mo na ako maging crush"

"ohh...so ano na ngayon? you want to be my friend ganun?"

"ahm...parang ganun na rin. wala rin naman akong close friend na babae ehh"

"ganun?"

"ehm..."

napasigh na lang ako sa kanya...

pagbibigyan ko ba ang gusto nito?

well.....

sige na nga...baka nga siguro nadala lang siya sa usapan ng mga kaibigan niya

"ok, friends na tayo"

"yes!"

hindi ko na lang pinansin ang sinabi niya at kumain na lang ako

"second...i want to introduce myself to you..."

nakatingin lang ako sa kanya

busy pa rin sa pagkain pero inaamin ko nagkainteres ako na pakinggan siya...

sa totoo lang parang kakaiba ang date namin na 'toh..

which is first date ko rin

"I'm Louie F. Yerby...my father is british and my mom's Filipina but not pure because she's half portugese"

ahh kaya pala ang gwapo gwapo nito kasi naman dalawang foreign blood ang nanalantay dito

"I was born in Portugal...lived in Britain when I was 10 kaya lang ng nag 14 ako iniwan mo na nila ako kay lola dito kasi nagkaroon daw ng problema sa buhay nilang mag-asawa na hindi ko na raw kelangan pang malaman hanggang sa ngayon hindi ko pa rin alam kung ok na siguro hindi pa kasi nga tumagal na ako dito ehh"

"at sa tagal mo dito ay natuto ka ng manangalog na hindi tonong foreigner ang nagsasalita"

"ehm! bata pa lang ako ay tinuruan na ako ni mama ng tagalong para naman daw pagdating ko sa pinas ay hindi na raw ako mahirapan at pati na rin sila lola...nung una medyo nahihirapan pa ako sa salitang tagalong pero kung tatanongin mo kung nahirapan akong mag-adjust ay hindi..."

"...ang babait kasi ng mga tao dito at masayahin pa. oo nga't hindi nga maganda ang surrounding dahil sa basura na nakakalat at sa dami ng squatters,pati na rin ang gobyerno ay hindi rin maganda ang

paggogovern but still I felt that I belong here...parang welcome na welcome ako at lalo pang naging makulay ang tingin ko sa ikot ng mundo...parang pilipinong Pilipino”

wow!

coming from him parang mas lalo ako naging proud na naging pinay ako

hindi lang yun lalo pa akong nagwapohan sa kanya!

lalo kasi siyang gumwapo pagnagsasalita siya....

“ right now I’m 21 years old...taking up I.T, why I.T? besides being a computer geek my family own a business connected to that course kaya yun ang kinuha ko...ano pa ba? ahm...I’m 6’1 at kasama sa basketball team ng university, I love watching movies, sing and plays the drum well. hindi ako mahilig magbasa ng libro, funny but I don’t like chocolates and I don’t like girls who broke my heart”

sa huling sinabi nito ay nalungkot siya pero saglit lang yun kapagkuwan ay tumitig siya sa akin

nailang naman ako sa tingin niya kaya itinuon ko na lang ang tingin ko sa kinakain kong French fries

“Allie...”

“ano yun?”

hindi pa rin tumitingin sa kanya

“gusto ko sanang...ahm ligawan ka”

doon na ako tumingin sa kanya

09

totoo ba ang sinabi niya?

baka naman iniisip ko lang yun?

umiling ako at sinabing...

“paki ulit nga ang sinabi mo?”

“ang sabi ko...gusto ko sanang ligawan ka”

“t-totoo ba yan? baka naman ine-echos mo lang ako?”

tumawa naman siya sa sinabi ko

“totoo ang sinabi kong liligawan kita...yun ay kung papayagan mo ako?”

sabay pa eye to eye contact pa sa kin

eiiiiiiiiiiiiii.....!!!!!!!!!!!!!!

sa totoo lang kinikilig ako sa sinabi niya

kaya lang.....

“sorry pero wala naman akong nararamdaman sa’yo ehh...di ba nga alam mo na rin na ayaw ko sa’yo?”

“noon yun...at for sure di magtatagal magugustuhan mo na ako pag nagsimula na akong manligaw sa'yo...actually first step na nga 'tong ginagawa natin ehh”

ganun ba yun?!!!

“oh..ano ah, pwede ba?”

sabay pacute pa nito sa kin

sa totoo lang matagal ko ng gustong maranasan ang may manligaw sa kin ehh..kaya lang kasi.... tama ba na pagbigyan ko si Luie?

“s-si...”

hindi ko na naituloy kasi biglang pumasok sa establishment si Rei...si So Eun Rei, ang kababata kung half Korean na super duper crush ko...sa totoo lang itunuturing ko 'tong first puppy love...kasi parehas kasi kami ni Rei ng nararamdaman...pareho namin crush ang isa't isa

kaya lang nung magsimula akong maghighschool ay tsaka naman bumalik sa korea si Rei... umiyak pa nga ako ng todo todo kasi hindi man lang siya nagpapaalam sa kin na aalis na pala sila

basta nalaman ko na lang ng pagdating ko sa bahay pagkatapos ng school ehh wala na pala sila...

“Rei!”

napalingon naman siya sa kin

blush

lalo ata siyang gumwapo!!!!!!

hindi lang yun tumangkad din nito at ang kinis kinis pa rin at ang puti puti!

papasa na 'tong artista sa korea ehh

“ahm...sino ka?”

ngek?

grabe naman 'toh nakalimutan na ko!!!

bigla naman akong nakarinig ng evil laugh sa tabi ko

oo nga pala kasama ko nga pala si Luie

“erhm..erhm...tsk,tsk kawawa ka naman...hindi ka na maalala ni cutie pie mo”

evil laugh

inignore ko lang ang sinabi ni Luie sabay ngiti ng maganda kay Rei

“ako si Allie L. Alcantara, yung dating mong kapitbahay...si Al-Al?”

kumunot lang ang noo nito sa sinabi ko

tumawa lang ulit si Luie

hahampasin ko na sana siya ng biglang magsalita siya

“oo nga! ikaw si AI-AI!!!!”

sabay hug pa nito sa kin at dahil nga sa masayang feeling nadarama ko ehh hinug ko din siya ang tagal tagal nga namin nagkayakapan ehh...

ang saya saya ko nga

feeling ko ay nasa heaven na ako

*si-

“ehem...nasa pampublikong lugar ka Allie,baka nakalimutan mo na”

tingnan ko ng Masama si Luie habang kumakalas ako kay Rei

sabi bang tapusin na ang moment?

“so..kamusta ka na?”

“heto, pretting pretty pa rin”

tumawa naman siya sa sinabi ko

sumimangot naman si Luie na busy sa pagkain ng French fries

“oo nga ehh...kitang kita ko nga”

wow!

char char ko lang yun pero nagandahan nga siya sa kin!!!!

blush

“hoo...buret!”

napaglare naman ako sa kanya

narinig ko namang tumawa si Rei

“pa-pasensya ka na sa kaibigan ko Rei, hah? ganyan talaga yan ehh...KSP kasi”

“ahh..”

“hindi ahh”

hinampas ko na lang siya ulit sabay todo ngiti kay Rei

“ok lang yun...doon pa rin ba kayo nakatira?”

“ayy hindi na...kakalipat lang namin nung nag18 ako sa kasalukuyang address namin...heto nga pala ang bago naming address”

sabay kinuha ang calling card ko sa dala kong bag

“ahh...medyo malapit lang pala ‘to sa amin ehh...sige pag may time ako bibisita ako sa inyo”

hahh!!!!!!

totoo ba yun?

gee...ang saya saya naman ng feeling.....

"sige...aasahan ko yan hah?"

"ehm! sige...mag-oorder na ko"

"sige"

sabay kaway pa sa kanya habang papalayo sa min

nagulat na lang ako ng bigla akong hilahin pabalik sa upuan ni Luie

"agay ko naman!"

"buti lang yan sa'yo! sino ba yung Rei na yun na kailangan pang kumislap ang mga mata mo?"

"paki mo?"

"talagang paki ko kasi nga nagdedate tayong dalawa di ba?"

"so?"

"anong so? sagutin mo na nga lang ang tanong ko?"

hmpf..sige na nga baka sumabog ka pa sa galit eh

"siya si So Eun Rei...half Korean--"

"obvious naman na half Korean siya"

inarapan ko na lang ang sinabi niya at nagpatuloy na sa pagsasalita

"dati ko siyang kapitbahay at first puppy love ko rin siya"

"oh,ganun naman pala ehh....matagal na siyang nakalipas kaya dapat wag ka ng kiligin pa"

"aba't.....!!!!!"

"bakit totoo naman ahh? hayaan mo na siya dahil nandito naman ako at.....teka saan ka pupunta? Allie! wait!!!!!"

Grrrrrr.....

ang yabang naman niya!

ang kapal naman ng mukha niya para sabihin yun sa kin!!

pwes manigas siya dyan dahil aalis na ko!!

"Allie, saglit...biro lang yun! wag ka ng umalis ohh"

"tse!!! ewan ko sa'yo!"

sakto paglabas ko may dumaan na jeep kaya nakasakay ako agad buti na lang rin at may isa pang bakante kaya hindi na nakasakay si Luie....

"Allie!!!!!!!!!"

hmmppp...mag-Allie ka lang dyan! wala na akong paki-alam...

kahit hindi mo na rin ibalik ang journal ko...

gagawa na lang ako ulit...

10

yes! sa wakas!!! tapos na rin ang first sem!

buti na lang at 2 weeks ang sem break namin para naman makapahinga ako ng maayos at para makahanda na sa establishment kung saan ako mag-O-OJT...

kaya nga heto ako ngayon kasama si Eric para sabihin ang balak kung pag-aaply sa kompanya ng magulang niya. pumayag naman siya at nagkakwentohan pa kami ng marami hanggang sa....

“Hoy bruha!!!!!! ano ‘tong sinabi sa kin ni Luie na balak ka niyang ligawan?”

“abay malay ko sa kanya?”

“anong malay mo dyan? hoy lumapit siya sa kin kanina at nagpapatulong sa kin? aba’t gusto pa ata ako maging brigde niya sa’yo? kaloka ka!”

“anong kaloka dun?”

“Allie...kaloka kasi nga si Luie yun! alam mo ba na isa siya sa top five male students na pinapantasyahan ng mga kakabaihan dito!”

“saan mo na man nakalap yang tsismis na yan?”

“Al! hindi yun tsismis noh!! nabasa ko yun official newspaper ng university natin!!!!!!”

“ok,ok...huminahon ka na at baka lumabas na ang mga ugat diyan sa leeg mo”

“ikaw kasi ehh! ni hindi mo man lang sinabi sa kin na nagdate pala kayo nung isang araw”

“sorry busy ako ehh”

“busy? ikaw? saan ka naman naging busy?”

napailing naman ako sa tono ng papanalita ni Eric...sa pagkaka-alam niya kasi ehh hindi ako ma-busy-ing tao...busy lang ako pag may exam o di kaya ay kasama ko siya ng boung magdamag

“bumisita kasi kahapon si Rei sa bahay namin”

sabi ko pa na ubod luwang ang ngiti

grabe maalala ko lang ang nangyari kagabi mapapatili na ako sa kilig!!!!!!

“Rei??????? as in So Eun Rei?????????”

“yes!!!!!! siyang siya at lalo pang gumwapo!!!!!!”

“ahhyyyyyyy!!!!!!”

pareho pa kaming nagyakapan at nagtatalon

pero mabilis ding kumalas sa pagkakayakap ng mapansin naming ang mga tao sa paligid namin ay nasa amin na ang tingin

“loka ka! yung totoo hindi mo sinabi sa kin dahil ayaw mong malaman ko o dahil nawala na ang pangalan ko sa utak mo ng makita mo siya?”

"parehas!!!!"

"gage!!"

sabay tawa pa namin pareho...sa lakas ng tawa namin hindi ko na marinig ang ringing tone ng cellphone ko na almost paradise sa boys over flower

"eowww...baduy!"

"tse! ito rin ang dati mong ringtone noh!"

tumawa lang si Eric sa sinabi ko

napailing na lang ako at pinindot ang dapat pindutin

"hello?"

"Ate Allie..."

"ohh, Debbie napatawag ka...bakit?"

"si Aldrin kasi eh...inatake ng asthma niya"

"hah!!!! akala ko ba wala na siyang asthma attack?"

totoo yun...bata pa lang siya ay may asthma na siya pero ng tumuntong na siya sa edad na walo ay nawala na ito....kaya ganun na lang ang pag-aalala ko kay aldrin...

wala pa naman siyang tranquilizer.....

"yun din nga po ang alam ko...pero heto po siya kasam ko sa clinic...ate pwede bang pumunta ka dito?"

"hah...ahh sige...papunta na ako dyan, salamat Debbs hah"

"sus wala yun,ate...basta para kay Aldrin, sige na bye baka maubos na load ko..."

"sige bye"

"ohh bakit ganyan ang hitsura mo ayos ka lang?"

"si Aldrin inatake ng asthma niya eh"

"what?! akala ko ba..."

"yun din ang alam ko...sige maiwan na muna kita at pupuntahan ko pa si Aldrin"

"sige...tawagan ko na lang ang tita Claire para kay Aldrin"

"hah! salamat Eric..."

"sus...wala yun basta para kay sweetie pie Aldrin"

napangiti na lang ako sa sinabi ni Eric at nagmamadaling pumunta kina Aldrin

makalipas ang five minutes ay nasa clinic na ko ng Lab high...

hingal na hingal sa kakatakbo

"Ate Allie!"

"Debbie! si Aldrin?"

"heto oh...."

tinuro niya si Aldrin na nasa higaan at mukhang nahismasman na...

"ano ba kasing nangyari at bumalik ang asthma mo?"

"ehh kasi ate..."

"hay naku ate...nagpumilit kasi siya na sumali sa marathon yan tuloy...ehh tatlong ikot pa naman din yun"

"Debbs!"

"oh bakit? totoo naman ehh! kung nakinig ka lang kasi sa sinabi ko, ehh deh maayos ka sana ngayon"

napabuntong hininga naman ako....

Si Aldrin talaga....dahil sa ambisyon niyang maging runner ehh yan ang napala niya

"Aldrin...di ba sabi ko naman sa'yo na wag na wag ka ng mag Athletics? alam mo naman na hindi sa'yo pwede ang masyadong napapagod, di ba?"

"ate...alam ko naman yun ehh, kaya lang gusto ko kasing...."

"hay naku..wag ka na ngang mag-explain dyan..basta next time wag mo na yung gagawin ulit hah! akala mo! nag-aalala ako ng husto sa'yo,alam mo ba yun?"

napansin ko naman napatingin si Aldrin kay Debbie...

uyy!!!!

"ehh bakit? sinabi ko bang mag-alala ka sa kin?"

"hindi! pero alam mo naman na may feelings ako sa'yo di ba?"

"Debbie! pwede ba alisin mo na yang feelings mo dahil wala akong nararamdaman sa'yo! sa iba mo na lang yan ibigay"

"Aldrin!!!!"

sigh

heto na naman ang dalawa....

"uyy...stop, stop na kayo dyan"

buti naman at tumigil din ang dalawa...di nagtagal ay dumating na si mama at inuwi na namin si Aldrin sa bahay....

11

"ate wala kayong lakad ni Kuya Eric ngayong sembreak?"

"hah? ah...hindi ako pumayag na sumama sa kanya sa Bora eh...wa sa mood ang ate mo, ikaw anong balak mo ngayong break mo? may date ba kayo ni Debbie?"

nasa Sala kami nun...tulog pa sila mama at papa kaya mamaya pa kami mag-aalmusal

"Ate naman!"

"oh bakit?"

sabay tawa ko pa

lalo naman siyang napasimangot at bumuntong hiningang umalis sa sala...sakto papalabas niya ng bahay ay papasok si Debbie kaya di sinasadyang magbunggoan sila

"Aray ko naman!"

"Ouch! hah! good morning Aldrin!"

todo simangot naman si Aldrin at tinalikuran na lang si Debbie

"hoy! di mo man lang ba ako babatiin ng good morning?!"

babalik na sana si Aldrin sa kwarto niya ng marinig niya itong sumigaw

"ehh bakit? ano bang maganda sa umaga?"

sabay pabagsak na isinara ang pintoan

sigh

ang drama talaga ng dalawang 'toh!

"good morning Debbs, bakit ka nga pala naparito?"

ibinaba ko na sa mesa ang binabasa kong magazine at lumapit kay Debbie na lukot na lukot na ang magandang mukha dahil sa inis sa kapatid ko..

"hihingi sana ako ng tulong kay Aldrin sa research paper ko eh...ehh hindi ko naman alam na ganyan ang magiging trato niya sa kin!"

pagkatapos ay nagpout pa ng lips and folded her hands in her chest

sus, hindi pa nasanay ang babaeng 'toh sa kapatid kong yun na laging umiinit ang ulo pag nakikita siya...

nginitian ko na lang siya at niyaya sa loob ng bahay

"anoh baka gusto ng juice,ipagtitimpla kita hah"

"osige 'te"

pumunta naman ako sa kusina para pagtimplahan siya ng juice...makalipas ang ilang minutung pagtitimpla at akmang ibalik ko na ang lalagyan ng juice sa cupboard ng marinig ko ang boses ni Debbie

"Ate Allie may bisita ka!!!!!"

"huh? sino naman kaya yun? ahh baka si Eric lang"

"osige, saglit lang at pupunta na ako dyan"

laking gulat ko naman ng makita ko ang bisita namin sa sala na katabi pa ni Debbie

buti na nga lang at busy sila sa kung anong pinapaturo ni Debbe tungkol sa research project niya kaya hindi nila napansin ang nakakalokang ayos...

pano ba naman super dilat na dilat ang mata ko na parang di makapaniwala sa nakita at nakaawang pa ang bibig ko....buti na nga lang hindi tumulo ang laway ko eh...baka magshoot pa sa juice ni Debbie....

"Rei? Rei ikaw nga ba yan,hijo?"

kakalabas lang ni mama sa kwarto at may rollers pa sa buhok na bumaba siya ng hagdan para malapitan si Rei

"opo. magandang umaga po tita Claire at sa'yo rin Allie"

"magandang umaga rin"

sabay pa kaming dalawa ni mama ang bumabati sa kanya. lalapitan ko na sana si Rei ng inunahan na ako ni mama at nagsimulang intrigahin siya

napabuntong hininga na lang ako

for sure kailangan ko pa maghintay ng matagal para masolo ko si Rei pero atleast nakita ko siya today!

ni hindi ko nga naidasal siya kagabi kay Bro ngunit heto siya sa amin na pagkacute cute sa sout niyang sky blue shirt at denim knee high shorts....

sigh

love talaga ako ni Bro!!!!!!!

12

pero makalipas ang isang oras...nakakain na ang lahat pati si Rei ay hindi ko pa rin siya nakakausap. mukhang mas gusto pa ata nitong turuan sa research project si Debbie....

"Debbie baka gusto mong sa park na lang natin ituloy 'toh? mas mahangin kasi dun tsaka mas narerefresh ang utak ko"

"oo ba!...Ate Allie, sa park lang kami ni kuya Rei hah"

anoh!!!!!!

aba!!!!!!

ang swerte naman ng Debbie na toh!!!!!!

"o-ok sige...ingat kayo hah"

"ehm! pakisabi kay Aldrin na pupunta pa rin ako sa kanya kung sakaling may kailangan pa ako sa project ko, 'te hah"

"sure....bye Rei"

ngiti lang siya sabay tango...di nagtagal umalis na sila habang ako naman ay nakatingin lang sa kanila...

alam kung hindi maganda ang nararamdaman ko pero hindi ko maiwasang madama yun eh...parang gusto kung tirisin si Debbie sa sobrang inggit at inis ko sa kanya

dapat kasi ako ang kasama ni Rei ngayon at nagspe-spend ng time together tulad ng dati

sigh

imbes na mainis ay tinulungan ko na lang si nanay sa paglilinis ng bahay....kakatapos ko nga lang magpunas g mga jalousie sa bintana namin ng bilinan ako ni mama na samahan si Aldrin sa pamimili ng mga gamit para sa project niya

pagkatapos kong magpalit into a purple cotton top, white wide-leg trousers at silver t-strap sandal at itinali ang mahaba kong buhok ay lumabas na ako ng kwarto para lapitan ang kapatid kung kanina pang naghihintay sa kin

napangiti naman ako sa kanya.

I can't help it eh...hindi lang sa kapatid ko siya at love na love pero totoo naman kasing gwapong gwapo siya. kahit nakasimpleng red shirt na naka print ang salitang I'm so hot sa gitna at maong na kupas na nakatsinelas ay mukhang artistahin pa rin ito!!

naku kung di ko lang kapatid 'toh....

"Ate Allie ang tagal tagal mo na man na nag-ayos...ako nga simple lang eh"

"hmpf! siyempre kailangan super naka-ayos ang ate mo para may kumuha ng number ko noh!"

nag-smirk naman siya sakin

"parang meron"

"excuse me!!!!"

tumawa naman ang kapatid ko

"ehh kasi naman ate sa tagal tagal mo ng nagpapacute, wala pa ring nagkakagusto sa'yo eh...pero wag kang mag-alala 'te para sa kin magandang maganda ka!"

"siyempre naman kasi kahawig ko yung crush mong si Bianca Gonzales"

namula naman siya sabay todo tanggi

tawa lang ako ng tawa habang papunta kami ng paradahan ng sasakyan....nadadaan pa nga namin sina Rei at Debbie na busy pa rin sa research project ni Debbie

napasigh naman ako at sakto namang may humintong jeep sa tapat namin

makatapos ng halos dalawang oras na paikot-ikot sa sa mall eh nagpahinga muna kami saglit sa isa sa mga benches sa loob upang magpahinga....

grabe feeling ko nabawasan ako ng ilang pounds sa kakaikot...pano ba naman hindi lang kasi sa sobrang daming tao ay napakarare naman ng mga gamit na kailangan ni Aldrin

"Ate, gusto mo ba ng ice cream?"

"huh? ayos lang basta libre mo ko"

"oo ba...saglit lang hah"

sabay tayo nito at lumakad sa ice cream parlor na nakapwesto malapit sa min

“Allie?”

paglingon ko naman sa taong tumawag sa kin ay nabigla ako ng makita ko ang mukha ni Louie....grabe he looks relaxing sa sout niyang grey shirt na may mukha ni ate glo na komedyante at sa ilalim nun ay nakasulat ang famous line niyang ang saya saya noh!

nakajeans din siya na may butas sa kaliwang tuhod (wow! ang puti naman ng tuhod niya! hindi ko tuloy mapigilan ikumpara ang tuhod ko na hindi kaputian dahil na rin sa morena ako) at tsinelas.....

“uyy!”

“hah...”

“ikaw hah...gwapo ko noh?”

“kapal!”

sabay tawa pa nito....

ayy oo nga pala evil laugh

“what are you doing here nga pala? are you with someone?”

sabay upo nito sa tabi ko...napansin ko naman ang hawak niyang plastic bag ng astro-plus....mukhang alam ko na kung ano ang pinamili niya ahh!!

infernezzzzz....kasapi rin pala siya sa mga taong no to piracy... ako kasi kahit kelan wala pang nabibiling original na cd,vcd o dvd...puro kasi pirated ang meron ako eh...kaya nga lagi sa kin humihiram ang bounng barangay kasi kahit pirated eh sobrang linaw naman ng kopya... buti na nga lang at hindi pa ako nahuhuli ng grupo ni Edu manzano eh....

napansin naman ata ni Louie na nakatingin ako sa hawak niya kasi bigla ‘tong nagsalita

“as you can see, kakagaling ko lang ng Astro-plus...bumili kasi ako ng album ng fall-out boy at jonas brothers”

natawa naman ako sa sinabi niya

“oh, what’s funny?”

“ikaw eh...hindi ko maimagine na fan ka pala ng JoBro”

“ganun ba...ano namang masama? I like their music...pop rock atsaka I also like them...parang ako rin kasi sila eh...malapit kay mama pati na rin kay lola...always read the bible, plays a lot of music, I like to think na may sense of humor ako at a good big brother.yun nga lang sa mga pinsan ko lang at pamangkin kasi only child lang ako eh”

wow! good boy naman pala ‘toh eh? eh bakit kailangan pang magpabadboy ng image? dahil ba sa astig tingnan?

at teka lang hah?! tinatanong ko ba siya? akala naman niya maiimpress ako sa kanya...

hah!

na-impress talaga ako...

13

“eherm!”

pareho kaming napaligon sa dumating na si Aldrin...mukhang gustong malaman kung sino ang kasama kung lalake

“heto na ate,oh”

“ehm...”

sabay tango at kinuha ang ube ice cream na inabot niya sa kin

“ikaw siguro si Aldrin...ang papable na kapatid ni Allie?”

“at pano mo naman nalaman”

tumango na lang si Aldrin at umupo talaga sa gitna naming dalawa...napilitan tuloy kaming mag-adjust ng maayos kasi di namin inaasahan ang pag-upo niya doon

teka at bakit naman ako parang mag-aalangan na paupuin siya sa gitna namin? aba'y dapat nga ay pasalamat ko pa si Aldrin ehh

“kay Eric...tinanong ko siya tungkol sa'yo”

“at bakit naman?”

“ehh kasi ayaw mong magpaligaw...teka saglit bibili na rin lang ako ng ice cream para hindi ako maiinggit sa-inyo...hintayin niyo ko hah”

tumayo naman siya kaagad at nagmamadaling pinuntahan ang ice cream parlor kung saan bumili si Aldrin...

“ligawan? manliligaw mo yung tisoy na yun, ate?”

na nakataas pa ang kilay

sa totoo lang gusto kung tumawa sa hitsura niya

“ano ka ba? siyempre hindi noh! isa pa naiinis ako sa lalaking yun kasi nga nasa kanya pa rin ang journal ko at hindi niya pa binabalik”

“what!!!!!! ehh pano ka...”

“don't worry nakagawa na ako ng bagong journal...yun nga lang siyempre, wala na yung memories ng 1st,2nd at 3rd year ko sa college”

“ngek...ang sama naman pala niya”

tumango naman ako sa sinab ni Aldin at sabay pa talaga kaming lumingon kay Louie na hinihintay ang inorder niyang ice cream

ngunit habang hinihintay niya ang order niya ay may dalawang babaeng mukhang mga sexy stars kung manamit ang lumapit sa kanya at obvious na nakikipagflirt sa kanya!!!!!!

Grrrrrrr!!!!!!

“uy,'te...ayos ka lang diyan?”

“huh?”

“para kasing may susuguring kang tao sa hitsura mo 'te,ehh”

"ano?!"

blush

obvious ba?

teka,teka....bakit nga pala ganun ang naramdaman ko kanina?

"uy...ate Allie?"

"wala! kainin mo na nga lang yang ice cream mo?"

nagkamot naman ito ng ulo niya sabay simangot

"ate naman..."

hindi ko na lang pinansin si Aldrin at itinuloy na ang pagkain sa ice cream ko

naubos ko na nga ang ice cream ko ng bumalik sa pwesto namin si Louie na natutunaw na ang rocky road ice cream nito

"uyy...ubos na sa'yo"

"hindi ba obvious?"

bigla namang tumaas ang isang kilay nito at tumingin sa kapatid ko

"anong nangyari sa Ate mo? mukhang bwisit na bwisit ehh"

umiling naman si Aldrin kay Louie

"ewan...nagkaganyan lang yan matapos ka naming tingnan kanina ng lapitan ka ng dalawang babae na mukhang mga prosti....grabe sila Kuya Louie! kaya dumadami ang rapist sa bansa dahil sa kanila ehh"

napamaang naman ako sinabi ng kapatid ko habang nagtsk tsk pa

nagkatinginan pa nga kami ni Louie ehh...

kaya lang kung amusement naman ang ekspresyon ng mata nito

sigh

"bilisan mo na ngang kumain dyan Aldrin...gusto ko ng umuwi sa bahay ehh"

"saglit lang ate..."

sabay dahan dahang kinain ang ice cream...palibhasa wala sila mama at papa kaya sinasamanatala ang pagkain ng mga ipinagbabawal sa kanya

"oo nga pala, Allie gusto ko sanang imbetahan ka sa opening ng restaurant bar ng kaibigan kong si kuya Trek,pwede ba?"

nakaupo na siya sa tabi ko at bigla akong nakadama ng kung anong kuryente ng di sinasadyang matamaan niya ang braso ko

"aya---"

"anong oras naman niyan at kailan?"

pinandilatan ko naman si Aldrin na ubos na ang ice cream at mukhang masayang Masaya pa na niyaya ako ni Louie

“sa biyernes...ok lang ba?”

“ok na ok na!”

“hep hep!!! ikaw ba ang inimitahan Aldrin? isa pa baka busy ako sa biyernes noh”

“sus! busy ka lang sa pagtulog sa araw na yun...ni hindi ka nga sumama sa bora kasama ni kuya Eric eh...pero buti na rin yun...mas gusto ko si kuya Louie kaysa kay kuya Eric”

bigla namang nagtaasan ang mga kilay ni Louie

“teka hindi niya ba alam na....”

pinandalatan ko naman siya

“akala ko ba binasa mo ang journal ko?”

“ayy oo nga pala...”

sabay tawa pa nito

sa totoo lang naiirita talaga ako pagtumatawa siya...

para kasing natutuwa pa 'toh na napapagkamalan kaming magjowa ni Eric sa mga tao sa paligid ko...kabilang na ang pinakamamahal kong pamilya

“tumigil ka na nga diyan!”

ngunit tinuloy lang nito ang pagtawa at dahil nga sobrang naiirita na ako ay pumayag na rin ako sa gusto niya

14

pagsapit ng araw ng biyernes ay ang dami ko atang narinig na salita kay mama na dapat kong gawin sa date daw namin ni Louie...

gumastos pa nga si mama na ipinagbili pa ako ng damit, sapatos at pinagpasalon pa ako kasama na rin ang pagpabody spa at foot spa

si papa naman ay gusto nang makilala si Louie

sa totoo lang exasperated na ako sa kakakirinig sa pangalan ni Louie

30 minutes before ng time na susunduin niya ako sa bahay ay pinag-ayos na ako ni mama... kaya hayun nagpaganda na ako ng bonggang bonggang...

at ganun na lang ang admiration na nakita ko sa mukha nila mama't papa at Aldrin nung lumabas ako sa kwarto ko

I'm wearing a floral tunic with a red belt just around under my chest while my feet are both enclosed in a sky blue colored teal wedges....

at dahil nga nagpasalon ako ay nagretouch lang ako ng kaunti at ang buhok ko na dating straight ay nakastyle na into wavy curls at hindi na rin itim na itim kundi kulay brown na rin na may highlights na caramel...

isang purple rhinestone ring lang ang accessory ko at orange oversized clutch naman ang dala dala ko...

sa totoo lang feeling ko nga super ganda ko ng moment na yun ehh

"Hello po! Wow Ate Allie ang ganda ganda mo!!!!!"

napangiti naman ako sa sinabi ni Debbie ngunit bigla ring nawala ng makita ko si Louie sa likod nito

ang mokong na 'toh!!!!!!!

pano ba naman kung todo pagpapaganda ako ehh parang wala naman ang ayos nito

naka black cardigan at white vintage shirt siya na nakadark blue walking shorts lang...habang white chucks naman ang sapin nito sa paa....

ganun pa rin ang ayos ng buhok nito at wrist watch lang ang accessory nito...

all in all mukhang nakapormang mag-momall lang ito...compared sa akin na mukhang pupunta ng party

pero gwapong gwapo naman siya ngayong gabi...sa totoo lang nagmukha siyang Hollywood actor...

"you look stunning tonight"

nagblush naman ako sa sinabi niya at hindi ko namalayan na nakangiti na pala ako sa kanya

"so ahm...you must be Louie?"

nagulat naman ako ng napa-english si papa kay Louie

"yes..sir"

"aha...ahm you take care of my daughter hah"

"I promise sir"

napangiti naman si papa sa sinabi ni Louie at kinuha ang reading glasses niya sa living room table tsaka tumalikod papuntang kusina

"sige na umalis na kayo Allie, hindi mo naman sinabi sa kin na amerikano pala ang idedate mo....ang gwapo!"

bulong sa kin ni mama

lalo naman akong namula sa binulong ni mama. nabigla naman ako ng bigla akong hinatak ni Aldrin papalapit kay Louie na lalo lang ngumite habang papalapit ako sa kanya

"sige na...ate Allie umalis na kayo"

"oo na,aalis na ako...hah"

nagulat pa ako ng biglang hinawakan ni Louie ang kamay ko habang papaalis na kami ng bahay...

"pasensya ka na hah...kasi ganito yung sout ko...hindi kasi talaga ako mahilig magpagwapo ehh,tinatamad kasi ako na gumugol ng maraming oras para magpagwapo"

sabay sirado nito ng pintoan ng taxi na pinara nito kanina

teka lang?!

bakit katabi ko 'tong mokong na'toh? dapat sa tabi ng driver 'toh umupo ahh?

pero wag na lang kaya....

kasi ang bango bango nito ehh....

ano kayang gamit na pabango nito?

“hmmm...amoy Ellips cologne ahh”

“teka, pano mo nalaman ang gamit kong pabango?”

evil Laugh

“yan kasi ang cologne na ireregalo ko kay Sara dati ehh...kaya lang hindi niya raw gusto kasi cheap raw. ang sabi niya pa mas gusto niya raw ng Gucci, Dior o Mark Jacobs na perfume...”

biglang lumungkot ang mukha nito pagkatapos niya sabihin yun

naawa naman ako sa kanya...bigla ko naalala yung nangyari ng kumakain ako ng lunch habang nagiging wild siya sa harapan ko...

Di kaya si Sara ang dahilan kung bakit ito nagwawala dati?

15

maingay at Masaya ang atmosphere sa loob ng resto-bar na pinuntahan namin...marami rin akong nakitang celebrity lalong lalo na ang super crush kong si Mao Chedrey V. Zamora....

ang sabi daw ni Louie pinsan daw ni Trek si Mao kaya daw nandito. ang sabi pa nito isa rin daw yun sa strategy ni kuya Trek para daw maraming dumalo na customers...at mukhang effective naman kasi maraming ngang tao sa resto-bar...

“uyy...kanina pa kitang nakikitang nakakatutok sa kanya ahh...”

sabay nguso sa direksyon nina Mao kasama ang mga kaibigan nito pati na rin ang may-ari ng resto-bar

ngumiti naman ako sa kanya

“kasi nandun si Mao...sayang naman ang chance noh! super crush ko kaya siya”

at tingin ulit sa direksyon nila

nabigla naman ako ng hinawakan niya ang baba ko at iniharap ang mukha ko sa kanya

grabe super namula ako sa ginawa niyang yun...actually hanggang ngayon kasi hindi niya pa rin tinatanggal ang kamay niya sa mukha ko habang nakakatitig sa akin ang mga magaganda niyang mata

“alam mo ang ganda ganda mo talaga...bakit kaya ngayon lang kita nakilala?”

“e-ewan ko? tsaka, ano...ahm pwede ba tanggalin mo na yang kamay mo sa mukha ko!”

bigla ko namang iniwas ang tingin ko sa kanya

ehh kasi naman bumibilis ang pintig ng puso ko habang tinitingnan niya ako kanina

sa sobrang lakas ng tunog ay baka marinig niya pa

tinanggal niya rin ang kamay niya sa mukha ko at pareho na kaming kumain...habang kumakain ako hindi ko mapigilang ang sariling tumingin sa gwapong mukha ni Louie

at habang tinitingnan ko siya ay lagi na lang ako nakakaring ng tunog ng chimes....natigilan naman ako sa pagsubo...Chimes? bakit ako nakakarinig ng chimes?

“Hey? why did you stop eating? are you alright?”

“hah?...ahh yeah...I'm fine”

sabay ngiti ko pa sa kanya habang isinubo ang pagkain na nabitin malapit sa bibig ko

ano ba 'tong nangyayari sa kin!!!!

OMG!!!!

hindi kaya may gusto na ako ulit sa kanya?!

“gusto mo bang marinig akong kumanta? sigurado akong sasagutin mo ko kaagad pagnarinig mo akong kumanta”

“tse!”

tapos na kaming kumain nun at parehong satisfied na nagrerelax lang ng bumaba ang kanina lang na kumakanta sa maliit na stage

ngumite naman siya sa kin at confident na lumakad sa stage at hinawakan ang isang gitara...

“Kuya Trek...pakanta hah”

nagthumbs naman ito sa kanya

“hello to everyone!”

naghiyawan naman ang mga kababaihan at bakla sa kanya habang tumawa naman ang mga lalake

pati na rin ako nakitawa at humiyaw kasi sobrang gumwapo si Louie sa spotlight

blush

Allie! ang sarili mo!!!

“I dedecate this song to a girl na kadate ko ngayon because this song tells how I feel about you”

lalo namang lumala ang hiyawan sa sinabi ni Louie

habang super duper na ata ang pagkablush ko ehh

called her for the first time yesterday

finally found the missing part of me

felt so close, but you're so far away

left me without anything to say

Now I'm speechless

over the edge just

breathless,

I never thought

that I'd catch this

love bug again
hopeless,
head over heels,
in the moment
I never thought that
I'd get hit by this
lovebug again
I can't get your smile out of my mind
(I can't get you out of my mind)
I think about your eyes all the time
your beautiful but you don't even try
(you don't even, don't even try)
modesty is just so hard to find
Now I'm speechless
over the edge just
breathless
I never thought
that I'd catch this
lovebug again.....

LOVEBUG, AGAIN

palakpakan naman ang lahat ng tao kasama na rin ako....sa totoo lang parang hindi nga ako makapaniwala na ididecate niya sa kin ang song na yun. Lovebug by the Jonas Brothers ehh kasi parang hindi ako makapaniwala na love niya na ako

blush

ehh love niya nga ba ako?

baka mamaya tinitrip niya lang ako hah!!!!

16

“ano, inlove ka na ba sa kin?”

nasa tapat ko na siya ngayon...parang ayaw ko ngang sumagot kasi nararamdaman kung pinagtitingnan kami ng mga tao ehh

“silence means yes...so ibig sabihin inlove ka na nga sa kin! yes! lov---“

bigla ko naman siyang hinila pabalik sa upuan niya

"Louie! ano ba yang pinagsasabi mo dyan? ni hindi ka pa nga nanliligaw---"

"so? pwede naman yun ahh? basta same ang nararamdaman niyong dalawa"

napanganga naman ako sa sinabi niya

"what!!! Louie, kilabutan ka nga sa sinasabi mo!!!"

sabay walk-out

Grrr...nakakainis talaga ang lalaking yun

"hey! Allie, wait!"

hmpf! wait your face!

napatili naman ako ng bigla niyang hawakan ang kamay ko at hinila ako papalapit sa kanya at shocks! napadive ako sa dibdib niya!!!

hmmm....ang bango bango niya.....

nagtaka naman ako ng narinig ko siyang tumawa

teka bakit parang hindi na boses evil ang tawa niya?

"Allie...nakikiliti ako sa ginagawa mo"

bigla naman akong natigilan....only to realize na inaamoy-amoy ko siya gamit ang ilong ko...

so embarrassing!!!!!!

blush

"oh, ba't ka tumigil?"

"hmpf!"

aalis na sana ako sa kanya ng bigla niya akong yakapin kaya hayun na naman ako... nakasubsub sa dibdib niya...

"yan...gusto ko munang yakapin ka,hah?"

hindi ko alam kung bakit ako tumango at niyakap ko rin siya...closer pa nga eh

"Allie...payagan mo na akong manligaw pls."

"o-o-osige...pwede ka nang manligaw sa kin"

"talaga?"

napa-angat naman ako ng mukha sa kanya...at kitang kita ko kung gaano niya siya kasaya

"ba-bakit ayaw mo?"

blush

"hindi ahh!...hayy Allie! ang saya saya ko, alam mo ba yun?"

lalo lang namula ang mukha ko...

pero kilig na kilig naman ako...

sa totoo lang ang gandang kuning scene ito sa pelikula ehh..

nasa tabi kami ng puno ng calachuchi...may ilaw ng poste sa bandang likuran namin at marami ring stars sa langit at halfmoon pa

nagtagal pa kami dun bago niya ako inuwi sa bahay

"so how 's your date, Allie?"

nagbrekfast kami nung mga sandaling yun...tulog na kasi sila mama'tpapa at si Aldrin ng hinatid ako sa bahay ni Louie kagabi

"ok naman po"

"sure ka? hindi ok na ok?"

"mama naman!!!!"

"ohh bakit,anak? gusto ko siya sa'yo hah! aba'y ang gwapong lalaking ni Louie hah!"

"oo nga mas gusto ko siya kaysa kay Eric...para kasing silahis ehh"

"pa!!!!"

"oo nga ate! approved ako kay kuya Louie!"

ano ba yang pamilya ko?!

halatang gustong gusto talaga ni Louie...pero I'm so kilig hah!

"good morning po!"

pansin ko naman ang biglang pagsimangot ni Aldrin...

natawa naman ako sa reaction niya

"good morning Debbie...ang aga mo hah"

"dinalhan ko po kayo ng tsokolates galing Germany...kakarating lang po ni daddy sa businee trip niya ehh"

"wow, salamat Debbie hah"

"sus...kayo pa malakas ata kayo sa kin"

nagkatawan naman kaming lahat maliban lang kay Aldrin

"kumain ka na ba Debs?"

umiling naman siya sabay umupo sa tabi ni Aldrin

"sabay na lang po ako sa inyo"

tumango naman kami sa kanya

naiintindihan naman kasi namin ang kalagayan niya ehh...dahil sa laging busy ang mga magulang niya sa mga career nito ay napapabayaang na nila ang anak nila

buti na nga lang at hindi masyadong dinadamdam ni Debbie ang pagkukulang ng mga ito... siyempre were here naman incase she felt lonely

"what!!!! ikaw ang mangungulit kung texter?"

ngumiti naman si Louie hindi talaga ako makapaniwala. after a week ng pagpapadala ng mga love banat ng unknown texter ko ay malalaman ko na lang na si Louie pa la ang taong yun!

my gosh!

"pasensya ka na nga pala kung ngayon lang ako nagpakita sa'yo...nagbakasyon kasi kami ni lola sa tagaytay ehh, kaya nagsend na lang ako ng mga banat...nagustuhan mo ba?"

"ang corny!"

"corny? ano namang corny dun? lahat ng mga pinadala ko true yun noh"

"hmpf!"

sabay talikod ko sa kanya nasa campus kami nun at kakatapos ko lang mag-enrol...

"uy...Allie wag ka nang magtampo dyan...gusto mo libre kita ng lunch?"

"anong tingin mo sa kin hindi kayang mag-afford ng pananghalian?"

"hindi!"

muntik na akong mapatili ng hatakin niya ako sa bewang ko at iniharap ako sa kanya...at *blush* napaharap ako sa dibdib niya na amoy mabango na naman

"ililibre na kita ng lunch hah...kasalanan ko rin kasi kong bakit ka nagtatampururut diyan...matapos kasi ng date hindi na ako nagpaparamdam sa'yo ng personal...akala mo siguro hindi na kita liligawan,ano?"

blush

honestly oo...yun nga ang dahilan kung bakit ako nagtatampururut

pero neknek mo noh!

hindi ko yun sasabihin sa'yo

"at sinong nagsabing nagtatampo ako sa'yo?"

ngumite naman siya at to my dismay tinanggal niya ang ang braso niya around my waist

ngunit bigla niya ring hinawakan ang kamay ko at hinila ako papaunta sa motor niya...siya pa nga ang naglagay ng helmet sa ulo ko ehh at inalalayan niya pa akong sumakay sa motorbike niya

haharurut na sana kami paalis ng makita ko si BF Eric na nagmamadaling pumunta sa min

"Eric,bakit?"

humingal muna siya bago siya nakapagsagot sa kin

"san ka pupunta? di ba may usapan tayo kanina sa sasakyan na sabay tayong maglunch?"

sabi pa nito na nakapameywang pa

tumingin naman sa kin si Louie

oo nga pala dahil sa pagod na dinanas ko kanina habang nag-eeenrol ako ay nakalimutan ko na ang usapan naming maglulunch kami. namiss niya kasi ang company ko for two weeks kaya gusto niya raw sanang ilibre ako na maglunch sa isa sa bagong bukas na Korean restaurant

"sorry Eric,hah! nakilimutan ko kasi ehh"

sabay maingat na bumaba sa motor ni Louie

"teka pano yung itretreat kung lunch sa'yo?"

"sorry ka na lang sweetie pie pero mas nauna ako sa'yo"

nagpout naman si Louie

hindi ko naman napigilan ang sariling tumawa kasi ang cute cute niya

"sorry Louie....maybe next time"

"hayyy...ano pa nga bang magagawa ko?"

tumawa naman ako sa sinabi niya at sumama na sa best friend ko...

"ikaw hah, nakita mo lang si mr. pogi ehh nakalimutan mo na ang usapan natin ehh"

"hoo...nagtampo naman ang bruha! sorry na, ok? heto na ako oh...kasama mo na ngayon na kakain"

ngumite na lang si Eric sa sinabi ko at tinuloy ang pagmamaneho ng sasakyan niya. di nagtagal nakarating na rin kami sa Korean restaurant na pagkakainan naming lunch...

"balita ko ehh sila Rei daw ang may-ari nito"

"talaga?"

"oo...uyy hindi na nagspasparkle ang eyes niya! type mo na talaga si Louie noh!"

hinampas ko naman ang bading

"Eric! ano ka ba?"

"anong ano ba me? hmm...if I know unti-unti ka ng nafo-fall sa Louie na yun noh"

"uyyy....natameme ka na dyan? sabi ko na nga ba ehh...kung sabagay hindi naman mahirap ang ma fall in love kay Louie ehh"

"heh!!"

hinampas ko na lang siya ulit at hinila na siya papasok sa restaurant....nakapwesto na kami sa table namin at hinihintay na lang order namin ng makita ko si Rei na papalapit sa min

"uyy! andito pala kayo...you must be Eric,noh"

todo ngiti naman siya si Eric kay Rei

"yes...that's me! buti naman at natatandaan mo pa ako"

tumawa naman si Rei sa sinabi ni Eric at umupo sa bakanteng upuan sa table namin

"kayo pa! oo nga pala Al-Al kaibigan mo naman si Debbie di ba?"

"huh? ahm oo...bakit?"

bigla naman namula si Rei

nagkatinginan naman kami ni Eric.....

oh-uh!

“pwede mo ba ako tulungan na manligaw sa kanya?”

“hah?!”

“oh my!”

“bakit? may masama ba sa sinabi ko?”

“pano mo naman balak ligawan si Debbie?”

naka taas pa ang kilay nito

sakto naman dumating ang order namin....nagulat pa nga ako ng makita kung may food din para kay Rei ehh...

“I know it sounds corny but I instantly fell for her the first time I saw her”

napalunok naman ako sa sinabi niya

siguro kung wala pang makulit na nilalang na nangangalang Louie ehh baka umusok na ang tenga ko sa selos....

isipin mo hah...matagal ko ng kilala ang lalaking ‘toh

naging puppy love namin ang isa’t isa tapos malalaman ko na lang na in love na siya kay Debbie!!!!

but wait!!!!!!!!!!!!

di ba love ni Debbie ang kapatid ko?

oh-uh!!!!!!

mukhang mahihirapan ata ang lalaking ‘toh ahh

“sorry ka na lang Rei kasi iisa lang ang lalaking gusto ni Debbie”

teka line ko yun ahh!!!!!!

kumunot naman ang noo ni Rei

“sino?”

“si Aldrin”

“hah?”

“but don’t worry...hindi naman same ang nararamdaman nilang dalawa kaya tingin ko may pag-asa ka pa...isa pa 15yrs. old lang si Debbie kaya pwede ba magbago ang nararamdaman niya...who knows”

bigla naman sumigla si Rei sa narinig at enjoy na enjoy na kumain kasama namin

di nagtagal ay natapos na rin kami sa pagkain namin at babalik na sa school ng...

“mamayang gabi pupunta ako sa bahay niyo, hah? papatulong lang ako sa’yo....nahihiya pa kasi akong dumeritso sa bahay nila ehh”

“sure...”

ngumite lang si Rei at masayang pumunta sa na nakapark niyang Kia....

18

“oh ba’t mukhang Masaya ka?”

“secret!”

“ang daya mo naman eh”

sabay kuha nito sa dala kong mga gamit

“ano naman ang madaya dun? oo nga pala saan ka nga pala mag-o OJT?”

“hah? ako...sa AIMEICO INC.”

kumunot naman ang noo ko

“teka medyo malayo yun ah”

“oo nga pero malapit naman sa favorite BINGOHAN ni lola kaya ok lang...”

“ngek...gusto ko pa naman na ihatid sunder mo ako sa pag-oOJT-han ko...”

mahina lang yun pero nagulat ako ng biglang hawakan ni Louie ang kamay ko

“sus...yun lang ba? wag kang mag-alala magagawa ko pa rin yun noh...yun nga lang baka maaga at hindi araw araw”

namula naman ako sa sinabi niya

ano ba yan ako!

feeling girlfriend na kaagad

“ok lang magpapasundo at hatid na lang ako kay Eric...wala naman yung kaso sa kanya eh”

umiling naman si Louie na may ngiti sa labi

tumuloy lang kami sa paglalakad na magkaholding hands...

feeling magJOWA na talaga kaming dalawa

“te-teka authorized ka na ba to do that?”

ngumisi naman si Louie sabay bitaw sa kamay ko

sigh

dapat hindi ko na lang pala sinabi yun eh

“sorry...ang sarap kasing hawakan ng kamay mo eh”

ngumite na lang ako sa sinabi niya at tumuloy na ulit kami sa paglalakad....

teka saan nga ba kami pupunta?

“wait sa---”

“why, long time no see Louie”

sabay naman kaming lumigon ni louie sa likoran namin at ganun na lang ang pagkamangha ko at pagkainsecure sa babaeng nakatayo sa likuran namin

actually she was with her friends, friends na kasing ganda at poise niya...

mukhang pangbeauty queen at mayaman ang babae...pati na rin ang friends niya

parang gusto ko tuloy manliit sa kinatatayuan ko...buti na lang kasama ko si Louie na hinahawakan na naman ang kamay ko ng mahigpit...inisqueeze pa nga niya yun ehh

“may kailangan ka ba, Sara?”

so ito pala si Sara

compared to me?

“bakit ganyan ang tono mo? hindi mo ba ako namiss?”

pansin ko naman ang pagbabago ng ekspresyon sa mukha ni Louie

hindi ko alam kung namiss niya nga ba ito o galit siya dito

“Allie, tara na...wag na nating pansinin...”

“oh...but why? siya na ba ang ipinalit mo sa kin?”

bigla namang dumilim ang mukha ni louie sa sinabi ni Sara. ramdam ko pa nga ang pagpipigil niya na saktan ang dalaga

“Louie...pupunta pa ako sa admin.”

napatingin naman sa akin si louie

ngumite naman ako sa kanya at hinila na siya papalayo roon

narinig pa namin ang halakhakan nila habang papalayo kami sa kanila....

kakatapos ko lang kausapin ang head ng Student's Affair sa Admin. tungkol sa pagstustudent aide ko...ng mapansin kung tahimik pa rin si Louie...ni hindi niya nga ako napansin na nakatayo sa harapan niya ehh

“Louie?”

“hah...ahh andyan ka na pala”

sabay tayo nito sa kinauupoan nito....tumango na lang ako at pareho na rin kaming bumaba papuntang first floor hanggang sa tuluyan na kaming makalabas...

parehas na hindi nagsasalita...

obviously siya may malalim na iniisip...ehh ako? wala lang masabi sa kanya kaya tahimik at tinitingnan na lang ang nasa paligid ko

“Allie?”

tiningnan ko siya

“bakit?”

“sorry hah...ang tahimik ko kasi baka naiinip ka na...”

"ok lang, naintitindihan ko naman"

"na ano?"

namula naman ako

tumigil naman siya sa paglalakad at pumitas naman sa mga pananim na bulaklak sa nakakalat na mga bulaklaking halaman

"uyy! anong ginagawa mo dyan? bawal nyan...hoy!"

hindi ito nakinig at inubos talaga ang mga bulaklak...

wag niyo ng itanong kung anong bulaklak yun kasi maski ako hindi ko alam eh...ang alam ko lang eh kulay pinkish red ang mga ito.....

"here for you"

natawa naman ako sa ginawa niya

"buang! gusto mo bang hulihin ako ng guard?"

"ehh di wag mong ipakita..."

tumawa na lang ako at nagpahatid sa kanya sa bahay

sa bahay ay inimitahan ko naman siyang pumasok at mamahinga mga alas singko na rin kasi ng hapon at alam ko na napagod siya kanina...

hindi ko lang sure kong physically...para kasing emotionally ehh...

"saan ang mama't papa mo?"

"sila ba? mamaya pa yun mga..."

tumingin ako sa wall clock

"5 minutes na lang at nandito na yun...busy yun sila sa pagpunta sa PCSO ehh"

"wow...nanalo kayo sa LOTTO?"

"oo pero hindi naman million....25 thou lang"

"malaki na rin yun"

ngumite na lang ako sa sinabi niya at pumasok sa kwarto ko. making sure na nakalock bago nagpalit...

baka paghindi ko ni-lock ay biglang pumasok siya sa kwarto ko...

grey sleeveless shirt at blue shorts lang ang sinuot ko. inayos ko rin ang pagkatali sa buhok ko bago ako lumabas ng kwarto...

nagulat naman ako ng bigla na lang niya akong niyakap sa bewang at inilapit ako sa katawan niya....

hmmm....ang bango talaga niya

"ehem!!!!!!!"

patay!

silang mama't papa na ata yun...

gulp

silang nga.....

19

sigh

buti naman at naniwala rin silang mama't papa na wala pa kaming relasyon ni Louie. lalo na ang iniisip nila na nag-"aanohan" kami ni Louie ng nadatnan nila kami kanina

"mabuti naman kung ganun...totoo ba talagang nakakapagtagalog ka,hijo?"

"opo!"

"Good.nandito ka sa Pilipinas kaya matuto kang manangalog...oo nga pala gusto mo bang kumain na rito?"

"oo nga. Louie dito ka na lang kumain"

"ayy...pasensya na po, as much as I want to pero kailangan ko pong sa bahay magdinner kasama si lola eh"

nalungkot naman ako sa sinabi niya...

sayang naman pala kung ganun....

obvious na obvious talagang gustong gusto na nila mama't papa si Louie na maging boyfriend ko

"ganun ba...sige padadalhan na lang kita ng sinigang na baboy at pansit bihon ko..."

tumango naman si Louie at nakangiting pumasok si mama sa kusina para magluto

sumabay na rin si papa dahil kaugalian na ata niyang tumulong magluto kay mama...pareho kasi silang cook kaya nga pareho rin sila ng trabaho

dahil din doon kung bakit wala akong alam sa kusina kungdi ang maghugas at magprito....siyempre naman naranasan ko na rin ang magsaing....dati ata akong girl scout

"wala ka sigurong alam sa pagluluto noh?"

"hindi noh!"

bago mo pa malaman ang tungkol dun eh magpapaturo muna ako kina mama at papa.....

"ay sus, padeny ka pa dyan...ok lang yun! gusto ko nga yun para ako ang magsilbi sa'yo eh"

blush

how sweet naman nun!

"sinabi mo yan hah"

nag-grin lang ito at nagpaalam lang na lalabas upang mamili sa tindahan sa kanto

"samahan na kita"

“wag na...hindi mo dapat makita ang bibilhin ko”

natawa naman ako sa sinabi niya

